FACT SHEET

nystateofhealth
The Official Health Plan Marketplace



# MAIIKLING IMPORMASYON TUNGKOL SA Essential Plan

## Ano ang Essential Plan?

Isang plan sa kalusugan para sa mga taga-New York na walang premium para sa mga kwalipikado. At nag-aalok ito ng parehong mahahalagang benepisyo.

## Sino ang kwalipikado?

Ang mga taong may mababang kita na hindi kwalipikado para sa Medicaid o Child Health Plus.

| Dami ng tao sa sambahayan | Pinakamataas na kita |
|---|---|
| 1 | $39,125 |
| 2 | $52,875 |
| 3 | $66,625 |
| 4 | $80,375 |

## Magkano ito?

Ang buwanang premium ay $0 para sa mga kwalipikado.

## Paano pa ako natutulungan nito na makatipid ng pera?

WALA ITONG DEDUCTIBLE (halagang dapat bayaran bago magbayad ang insurance), kaya binabayaran agad ng plan ang iyong pangangalagang pangkalusugan.

Kasama ang mga benepisyo sa ngipin at paningin nang walang pagbabahagi sa gastos.

Makakakuha ka ng LIBRENG PANGANGALAGA NA PANG-IWAS SA SAKIT tulad ng regular na pagsusuri ng doktor at mga screening para panatilihin kang malusog.

## Ano ang sinasakop ng Essential Plan?

Mga parehong serbisyong sinasakop ng ibang plan, kabilang ang:

- mga pagpapatingin sa doktor, kabilang ang mga espesyalista
- mga pagsusuring iniutos ng iyong doktor
- mga inireresetang gamot
- mga inpatient at outpatient na pangangalaga sa ospital
- at marami pa.

### Paano ako mag-e-enroll?

**nystateofhealth.ny.gov**

**o**

**1-855-355-5777 o**
**TTY: 1-800-662-1220**

**o**

**Sa pamamagitan ng libreng personal na tulong mula sa taong may sertipikasyon para tumulong malapit sa iyong tahanan o trabaho.**

### Maaari mo ba akong matulungan gamit ang aking wika?

**Makakakuha ng tulong na nasa iyong wika sa pamamagitan ng telepono o nang personal.**

### Kailan ako maaaring mag-enroll?

**Bukas buong taon ang pag-enroll para sa Essential Plan.**

**Sumusunod ang NY State of Health sa lahat ng naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at batas ng estado, at hindi ito nandidiskrimina batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, pinaniniwalaan/relihiyon, kasarian, edad, katayuan sa pagpapakasal/pamilya, rekord ng pag-aresto, (mga) kriminal na paghatol, kinikilalang kasarian, sekswal na oryentasyon, mga katangiang henetiko na nagpapataas ng pagkakataong magkaroon ng mga partikular na sakit, katayuan sa militar, katayuan at/o paghihiganti bilang isang biktima ng karahasan sa tahanan.**